
# 4

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino
## Ikalawang Markahan – Modyul 8
## Pandiwa, Pang-uri, at Pang-abay



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_Filipino 4_ Modyul 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino - Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pandiwa, Pang-uri, at Pang-abay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Criselda T. Taduran /Jessica B. Marmol
**Editor:** Laila C. Namoro, Ma. Theresa I. Cortez
**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo
**Tagaguhit:** Mark Anthony O. Taduran
**Tagalapat:** Brian Navarro
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Jr., Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda, Jerson V. Toralde, Rechie O.Salcedo, Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 8
## Pandiwa, Pang-uri, at Pang-abay

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong, o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*



Isang mapagpalang araw sa iyo. Binabati kita sapagkat hawak muna ang huling modyul sa kwarter na ito? Alam kong marami ka nang natutuhan sa mga dati nating aralin na nagpayaman sa iyong kaalaman. Pero narito pa rin kami na magbibigay ng iba pang mga kasanayan upang palawakin pa ang iyong kaisipan at imahinasyon kung papaano ka makisalamuha at makipagtalastasan sa ibang tao.

Napakahalaga na matututuhan mo ang wastong komunikasyon sa pakikipag-usap at pagsasalaysay ng mga pangyayari. Kaya tara na simulan na natin ang ating aralin.

Pagkatapos mo ng araling ito inaasahan na:


A. Nakikilala ang angkop na pang-abay, pandiwa at pang-uri sa paglalarawan ng pangyayari.

B. Nagagamit ang uri ng pandiwa ayon sa panahunan at aspekto sa pagsasalaysay ng nasaksihang pangyayari.

C. Nagagamit ng wasto ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos.

D. Nagagamit nang wasto ang pang-abay, pandiwa, pang-uri sa pangungusap.

E. Nakabubuo ng paglalarawan ng kilos gamit ang wastong pang-abay, pandiwa, pang-uri sa pagpapahayag ng pangyayari.



Ngayon, balikan mo ngang muli ang binanggit na inaasahang matutuhan mo sa modyul na ito. Lagyan mo ng tsek (/) ang/ang mga letrang sa palagay mo ay nakasasabik para sa iyong matutuhan.

**A B C D E**

Bakit kaya ang letra/mga letrang ito ang nakasasabik para sa iyong matutuhan?

______________________________________________

______________________________________________

Ayan! Nagawa mo.

Huwag kang mag-alala, alam kong matututuhan mong lahat ng inaasahan sa iyo at magiging kawili-wili ang iyong pag-aaral ng aralin sa araw na ito.

## *Subukin*

Bago ka magsimula, iyo munang sagutin ang gawain sa ibaba at tingnan natin kung ano na ang iyong nalalaman tungkol dito.



Basahin nang mabuti ang talata.

**Ang Sabado't Linggo**

Nasasabik ako sa tuwing sasapit ang Sabado't Linggo. Ito ang pinakamasayang araw naming mag-anak dahil magkakasama na naman kami sa bahay. Mag-uumaga pa lamang ng Sabado gumayak na si tatay para mamalengke. Sigurado ako bibili na


naman si tatay ng mga paborito kong pagkain. Samantalang hinahanda na ni nanay ang kaniyang mga labahin. Hiniwalay niya ang puting damit sa mga de kolor. Si Ate naman ay nagwawalis na ng mga tuyong dahon sa bakuran. Si kuya naman ay nagtungo sa bodega upang kumpunihin ang sira niyang bisikleta. Balak kasi niyang sumali sa grupo ng mga siklista sa aming barangay. Ako naman ay masayang tumutulong sa paglilinis sa bahay. Nagpupunas at naglalampaso ako ng sahig hanggang sa kumintab ito. Masaya naming ginagawa ang aming tungkulin sa bahay. Sa linggo naman ay magsisimba kami. Masaya kaming buong pamilya sa araw ng Sabado at Linggo.

| **A.** Tukuyin ang mga salitang naglalarawan sa talatang binasa. Kilalanin kung ito at **pang-uri** o **pang-abay**. | **B.** Gamitin sa pangungusap ang mga salitang naglalarawan sa pagpapahayag ng pangyayari. | **C** Tukuyin ang ang mga salitang kilos na inilalarawan. Kilalanin ang aspekto ng pandiwa. (**Naganap, Nagaganap, Magaganap**) | **D.** Gamitin sa pangungusap ang mga salitang kilos sa pagsasalaysay sa nasasaksihang pangyayari. |
|---|---|---|---|
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |
| 4. | | | |
| 5. | | | |

Isang Pagbati! Natapos mo rin.

Maaari bang lagyan mo ng tsek kung alin sa mga gawain sa bawat letra sa talahanayan ang naging madali at mahirap para sa iyo.





| Gawain sa bawat letra | Madali | Mahirap |
|---|---|---|
| Gawain sa Letrang A | | |
| Gawain sa Letrang B | | |
| Gawain sa Letrang C | | |
| Gawain sa Letrang D | | |

Kung naging madali para sa iyo ang gawain sa bawat letra sa talahanayan ibig sabihin magiging madali rin sa iyo ang aralin sa modyul na ito. Kaya, huwag kang mag-alala, gagabayan at tutulungan kitang matututuhan mo ang mga ito. Tara na!

## *Balikan*

Naalala mo pa ba ang ating pinag-aralan sa nakaraang modyul?

Tara na't ating balikan!

Ating pinag-aralan sa ikapitong modyul ang tungkol sa pag-unawa sa akda sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong, pagbibigay hinuha at paksa sa akda.



Ipabasa sa inyong magulang o kapatid ang tula sa ibaba.

Makinig at unawain ng mabuti.

**PARA SA AKING AMA**
ni Criselda T. Taduran

Sa iyong paglisan,
Di kita pinigilan,
Bigay nito ay kalungkutan,
Sa iyong pamilyang iniwan.

Amang mapagmahal
Sa pag-aaruga di napapagal
Masipag sa paghahanapbuhay
Sa pamilya ay laging nakaalalay.

Sa iyong sakripisyo,
Talagang kitang-kita ko,
Hindi ka nagpa-asikaso, Kahit sa huling sandali mo.

Paalam mahal kong tatay,
Wala kang kapantay,
Di kana mahihirapan,
Sa iyong sakit na nararamdaman.



Tingnan nga natin kung talagang kayo ay nakinig.

Sagutan ninyo ang mga katanungan sa ibaba.

**Mga tanong**
1. Ano ang paksa ng tula?
2. Sino ang persona sa tula?
3. Bakit kalungkutan ang damdaming namamayani sa may-akda sa pagsulat niya ng tula?
4. Paano naging mabuting ama ang kanyang ama sa kanila?
5. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng may-akda, ano ang iyong sasabihin sa iyong mahal na magulang?
6. Masakit ba mawalan ng taong minamahal? Ipaliwanag.

**Kumusta?** Nasagot mo ba ang mga tanong, pagbigay hinuha at paksa ng tulang binasa?

Magaling! Base sa iyong mga kasagutan, marami ka natutuhan sa ating nakaraang aralin. Maaari ka nang magpatuloy.



## *Tuklasin*



Ating basahin at unawaing mabuti ang teksto at sagutin ang sumusunod na tanong pagkatapos nito. Isulat ang inyong mga sagot sa inyong sagutang papel.

Tara basa na!

### Ang Mabuti sa Pandemya


Halos tumigil ang pag-ikot ng mundo dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19. Ang COVID-19 ay dulot ng virus na nagbibigay ng sakit na maaaring hindi gaanong malubha o labis na malubha sa mga tao.

Totoong nabago ang takbo ng mundo dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19. Dahil dito, nagkaroon ng *new normal* o bagong karaniwang paraan ng pamumuhay. Gaya ng subalit hindi limitado sa pananatili sa loob ng bahay at paglabas kung kinakailangan lamang; pagbabago sa sistema sa transportasyon sa lupa, tubig, at himpapawid; pagpapaliban sa mga gawaing pagsasama-sama gaya ng paglalaro, pamamasyal, paliligo sa beach, at maging ang pagpunta sa mga mall. Limitadong lumalabas ang tao. Maging ang pagpasok sa opisina at mga paaralan ay natigil din. Kailangan pang kumuha ng *quarantine pass* sa barangay upang makapunta sa palengke at grocery.

Mahigpit na nagbabantay ang mga pulis sa kalsada at masigasig na nagroronda ang mga tanod sa bawat barangay.

Gayonpaman, may maganda pa ring dulot ang pagkakataong ito. Dahil dito, nagkaroon ng mas mahabang panahon ng pagsasama-sama ang bawat pamilya. Naging aktibo sa pagtatanim ng mga gulay ang mga tao. Nabigyan ang sarili ng pagkakataong makapagpahinga at makapag-ehersisyo. Mas nagkaisa sa pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan. Patuloy ang pagkilos ng gobyerno para masugpo ang *virus*. Higit sa lahat, palagi na ang pananalangin ng mga tao para labanan ang pandemya.

Mahusay! Natapos mo ring basahin ang teskto hinggil sa isang paksa. Ngayon naman ay sagutin mo ang kasunod na mga katanungan.



1. Ano ang paksa o pinag-uusapan sa tekstong binasa?
2. Bakit sinasabing halos tumigil ang pag-ikot ng mundo dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19?
3. Ayon sa binasa, ano ang ibig sabihin ng *new normal*?
4. Isa-isahin ang nabanggit sa binasa na bagong paraan ng pamumuhay ngayong pandemya.
5. Ano-ano ang mabuting nangyari sa panahong ito ng pandemya?
6. Sang-ayon ka ba sa pamagat ng teksto *na "Ang Mabuti sa Pandemya"*? Bakit?

## *Suriin*



Makikita ninyo ang tsart sa ibaba, inyong susuriin ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa ikalawang hanay ang mga salitang naglalarawan at sa ikatlong hanay naman ay mga salitang kilos na inilalarawan sa pangungusap.

| **Pangungusap** | **Mga Salitang Naglalarawan** | **Salitang Kilos na Inilalarawan** |
|---|---|---|
| 1. Limitadong lumalabas ang mga tao. | | |
| 2. Mahigpit na nagbabantay ang mga pulis sa kalsada. | | |
| 3. Masigasig na nagroronda ang mga tanod sa bawat barangay. | | |
| 4. Nagkaroon ng mas mahabang panahon ng pagsasama-sama ang bawat pamilya. | | |
| 5. Higit sa lahat, palagi na ang pananalangin ng mga tao para labanan ang pandemya. | | |

Balikan natin ang inyong gawain sa kabilang pahina. Alam ninyo ba na ang tawag sa salitang naglalarawan o nagbibigay turing sa salitang kilos o pandiwa ay tinatawag na pang-abay.





Halimbawa sa unang pangungusap na:

***Limitadong lumalabas ang mga tao.***

Ang salitang naglalarawan ay ***limitado*** at ang salitang kilos naman na inilalarawan ay ***lumalabas.***

Ginagamit natin ang pang-abay sa paglalarawan ng salitang kilos. Gaya pa ng sumusunod na pangungusap, ang mga salitang nakabilog ay ang mga pang-abay at ang may salungguhit ay pandiwa.

Mahigpit na nagbabantay ang mga pulis sa kalsada.

Masigasig na nagroronda ang mga tanod sa bawat barangay.

Nagkaroon ng mas mahabang panahon ng pagsasama-sama ang bawat pamilya.

Higit sa lahat, palagi na ang pananalangin ng mga tao para labanan ang pandemya.

Samantala, hindi lamang pandiwa ang binibigyang turing o inilalarawan ng pang-abay. Ang pang-abay ay nagbibigay turing o naglalarawan din sa pang-uri at kapwa pang-abay.

*Halimbawa:*

Mas nagkaisa sa pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan. Higit sa lahat, palagi na ang pananalangin ng mga tao para labanan ang pandemya.

Ayan! Natutuhan mo na kung ano ang pang-abay. Ngayon naman tandaan ang wastong paggamit ng pandiwa, pang-uri, at pang-abay sa pangungusap.





1. Ang pandiwa ay bahagi ng pananalita na nagsasabi ng kilos o galaw.
   Halimbawa: *takbo*

2. Ang pang-uri naman ay bahagi rin ng pananalita na naglalarawan sa pangngalan ng tao, hayop, bagay, lugar, o pangyayari. Maaari din itong magbigay turing sa panghalip.
   Halimbawa: *mabilis tumakbo*

3. Ang pang-abay naman, gaya ng nabanggit na sa itaas ay mga salitang naglalarawan o nagbibigay turing sa pandiwa, pang-uri, at kapwa pang-abay.
   Halimbawa: *mas mabilis tumakbo*

Mahusay! Nagawa mo nang pag-aralan ang pandiwa, pang-uri at pang-abay. Ngayon pag-aaralan naman natin ang tungkol sa aspekto ng pandiwa?



Ngayon, ating suriin ang inyong kaalaman tungkol sa Aspekto ng Pandiwa.

Tingnan ang talahayan sa ibaba. Pag-aralan mo salitang kilos o pandiwa ayon sa tinutukoy na anyong naganap, nagaganap, o magaganap.

Oh! Basahin mo na.

| Salitang - ugat | Naganap | Nagaganap | Magaganap |
|---|---|---|---|
| **bantay** | | nagbabantay | |
| **punta** | | | makakapunta |
| **ronda** | | nagroronda | |
| **kuha** | kumuha | | |
| **labas** | | lumalabas | |
| **pasyal** | | | mamamasyal |
| **ligo** | naligo | | |
| **laro** | naglaro | | |
| **tanim** | | | magtatanim |
| **bantay** | | nagbabantay | |
| **takbo** | | | tatakbo |



Magaling! Alam kong naunawaan mo.

**Alam mo ba kung ano ang tawag sa mga anyong ito ng salitang kilos?**

Ito ay panahunan/aspekto ng pandiwa.

Ang **pandiwa** ay mga salitang nagsasaad ng kilos. Ang mga salitang kilos na ito ay maaaring isulat sa iba't ibang anyo ayon sa gamit sa tiyak na panahon ng kilos.

Ang pandiwa ay may tatlong panahunan (naganap, nagaganap, at magaganap) o aspekto (perpektibo, imperpektibo, at kontemplatibo). Upang maipahayag ang panahunan/aspekto ng pandiwa ginagamit ang mga panlaping gaya ng– um, in-hin, an-han, nag, at mag.

Pag-aralan natin ang mga **Aspekto ng Pandiwa**

**ASPEKTO NG PANDIWA**

1. **Naganap o Perpektibo**- ang kilos ay naganap na o tapos na.
(hal. Salitang-ugat sulat: sumulat, sinulat, nagsulat)

2. **Nagaganap o Imperpektibo-** ang kilos ay kasalukuyang nagaganap.
(hal. sumusulat, sinusulat, nagsusulat)

3. **Magaganap o Kontemplatibo-** ang kilos ay mangyayari pa lamang o gaganapin.
(hal. susulat, susulatin, magsusulat)

## *Pagyamanin*

Hayan! Maligayang pagbati dahil andito ka na sa bahaging lilinang sa iyong kasanayan. Simulan natin sa pagkilala ng tamang pang-abay o pandiwa sa loob ng kahon na pupuno sa usapan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.



| **maghugas** | **mabuting** | **mahalagang gumamit** | **manatili** |
|---|---|---|---|

Nag-uusap ang magkaibigang Hency at Jacelle tungkol sa mga dapat gawin ngayong may pandemic COVID-19.

**Jacelle:** Kailangan nating mag-ingat at maging malinis araw-araw upang makaiwas sa COVID-19.

**Hency**: Tama! **Maiging** (1) __________ ng kamay pagkagaling sa labas ng bahay.

**Jacelle:** (2) __________ **iwasan** ang mataong lugar at panatilihin ang distansiya ng 2 metro ang layo.


**Hency:** Bukod diyan, **parating** (3) ________ng *facemask* o *face shield* upang di mahawa sa sakit ng iba.

**Jacelle**: Higit sa lahat, mas **mabuting** (4) _________lang sa tahanan upang maiwasan ang pagkakasakit ng COVID-19.

**Hency:** Tumpak! Manatili lang sa tahanan kung wala namang (5) __________ **pupuntahan.**

Ngayon naman ay sumulat ng pangungusap na naglalarawan sa iyong sarili bilang mag-aaral. Gumamit ng angkop na pang-uri at pang-abay sa paglalarawan. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.






Sa pagkakataong ito, sanayin mo pa ang iyong sarili sa pagsulat ng pangungusap na nagsasalaysay ng mga mabubuting kilos na nasaksihan/nakita/naobserbahan na ginagawa ng sumusunod na tao sa iyong paligid.

Alam kong sa araw-araw may napapansin o nakikita kang mga mabubuting kilos ng mga tao sa iyong paligid. Kaya naman, isalaysay mo ito.

Gumamit ng angkop na panahunan/aspekto ng pandiwa sa pagsasalaysay. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

| **Mga mabuting kilos na nasaksihan/ nakita/naobserbahan na ginagawa ng:** | **Pangungusap** |
|---|---|
| 1. iyong guro | |
| 2. magulang o kapamilya mo | |
| 3. iyong kaibigan | |
| 4. *fronliners* (gaya ng *doctor, nurse,* at lahat ng manggagawa sa panahon ng pandemya) | |
| 5. isang hinahangaan mong tao | |

Binabati kita. Natapos mo ang mga pagsasanay sa pagyamanin. Alamin natin sa pahina ng susi sa pagwawasto ang wastong sagot sa gawain.

Batay sa natutunan mo na sa naunang gawain at talakay, alamin sa susunod kung alin ang pahayag na dapat isaisip.





## *Isaisip*

Marami ka ng napagdaanan at natutunan sa bahaging ito ng modyul. Alam kong kayang kaya mo ng ilahad ang iyong natutuhan sa aralin. Punan ang talahanayan sa ibaba at ipaliwanag kung gaano ito kahalagang matutuhan ang mga kasanayan sa modyul na ito. Gawin ito sa iyong papel.

| Ano ang iyong natutuhan? | Gaano ito kahalaga? |
| --- | --- |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |



## *Isagawa*



Upang lubos na masanay ka sa paggamit ng mga aspekto ng pandiwa. Isagawa ang gawain sa ibaba.

Magsalaysay ng isang pangyayaring nasaksihan ninyo sa labas ng inyong bahay. Sumulat ng pangungusap naglalarawan tungkol dito. Gumamit ng angkop na pang-uri, pang-abay at panahunan/aspekto ng pandiwa sa pagsasalaysay. Bilugan ang mga salitang kilos at salungguhitan ang salitang naglalarawan. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

Gamitin mo ang pamantayan sa pagmamarka sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

**Pamantayan sa Pagmamarka**

| Krayterya | Puntos |
|---|---|
| 1. Nakapagsalaysay ng nasaksihang pangyayari gamit ang pang-abay, pang-uri at pandiwa ayon sa sa panahunan/aspekto. | 15 puntos – nasunod lahat ang 3 krayterya |
| 2. Ginamit ang pang-abay pang-uri at pandiwa ayon sa panahunan/aspekto nito sa pagsasalaysay ng nasaksihang pangyayari. | 10 puntos – nasunod lamang ang 2 krayterya |
| 3. Angkop ang pang-abay, pang-uri at pandiwa ayon sa panahunan/ aspekto ng pandiwa ginamit sa pagsasalaysay ng nasaksihang pangyayari. | 5 puntos – nasunod lamang ang 1 krayterya |

## *Tayahin*



Sa ating susunod na gawain, gumawa ng maikling diyalogo o usapan tungkol sa mahalagang isyu sa kasalukuyan. Gumamit ng wastong pang-uri at pang-abay sa paglalarawan at guhitan ito. Iguhit ang *speech balloon* ng usapan sa inyong sagutang-papel. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.

***Halimbawa:***

Malakas ang bagyong "Quinta" na sumalanta sa Rehiyong Bikol

Hindi ah, mas malakas ang bagyong "Rolly". Halos marami ang nasirang estruktura, pananim, at iba pa!

Oo nga! Mas nakakaawa ang mga taong naging biktima ng bagyong "Rolly"kaya halos lahat ay gustong tumulong.


Gamit ang panahunan/aspekto ng pandiwa, isalaysay ang iyong nasaksihang pangyayari noong panahon ng bagyo. Bumuo lamang ng limang pangungusap. Mula sa binuong mga pangungusap, guhitan ang mga pandiwang ginamit at tukuyin kung ito ay nasa aspekto/panahunang naganap, nagaganap, o magaganap. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.



1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________
5. ____________________________________________

Gamitin mo ang pamantayan sa pagmamarka sa pahina 16. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsasanay. Ang Galing mo Kid! Ipagpatuloy mo pa.



## ***Karagdagang Gawain***



Para sa inyong karagdagang gawain, gamitin ang panahunan/aspekto ng pandiwa, sumulat ka ng isang salaysay mula sa nasaksihang pangyayari. Maaaring pumili ng isa sa sumusunod na mga pagpipiliang pangyayari:

Mga pagpipiliang pangyayari:

1. Pagdiriwang ng Kaarawan
2. Basketball game
3. Beauty Pageant
4. Mga pangyayari tungkol sa COVID-19
5. Araw ng Pagtatapos

Gawin ito sa iyong sagutang-papel.



Ang galing mo! Nasagutan mo lahat ang pagsasanay.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Tingnan sa pahina ng Susi sa Pagwawasto kung tama ang iyong mga sagot.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang bunga ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

**A.Salitang naglalarawan**

**1**.nasasabik-pang-uri
2.tuwing- pang-abay
3.pinakamasaya-pang-uri
4.kumintab-pang-uri
5.masayang tumulong- pang-abay
masaya ang buong pamilya- pang-uri

B. Pangungusap
1.Nasasabik akong makasama ang aking ina.
2.Tuwing Linggo sama-sama kaming mag-anak sa pagsisimba.
3. Ito ang pinakamasayang araw na buo ang aming pamilya.
4.Pagkatapos kong maglampaso kumintab ang aming sahig.
5.Masayang tumutulong ang aming pamilya sa aming barangay.
(Tanggapin ang iba pang pangungusap)

C.Salitang Kilos
1.gumayak – naganap
2.bibili- magaganap
3.nagwawalis-nagaganap
4.nagtungo- naganap
5.nagpupunas -nagaganap
6.naglalampaso- nagaganap
7.magsisimba - magaganap

D.Pangungusap
1. Siya ay gumayak kaninang umaga papuntang palengke.
2.Bibili ako ng regalo sa kaarawan ni nanay.
3.Tuwing umaga siya ay nagwawalis sa kanilang bakuran.
4.Sila ay nagtungo sa bukid para tulungan si tatay.
5.Nagpupunas at naglalampaso si kuya at ate sa aming bahay.
6.Magsisimba ang mag-anak sa darating na Linggo.
(Tanggapin ang iba pang pangungusap)

**BALIKAN**

1.Pasa sa Ama
2.Ama
3.Dahil sa naalala niya ang mapagmahal na amang pumanaw na.
4.mapagmahal na ama.
5.Mahal na mahal ko ang aking mga magulang at salamat sa pag-aaruga sa amin.
6.opo. Dahil tanging alaala na lamang ang maiiwan sa amin habang kami ay nabubuhay pa.
(Tanggapin pa ang ibang sagot)

**PAGYAMANIN**

**A.**

1 Maghugas
2. Mabuting
3. Gumamit
4. Manatili
5. Mahalagang

B.

**Ako bilang Mag-aaral**

1. Maagang pumapasok sa paaralan.
2. Palaging nakikinig sa aking guro.
3. Matapat kong sinasagutan ang mga gawain.
(Tanggapin ang iba pang sagot)

**ISAGAWA**

(Halimbawang posibleng sagot)
Pangayayari tungkol sa pandemya
1. Palaging nagroronda ang mga tanod.
2. Masipag ang mga barangay kagawad sa pagbabantay sa checkpoint.
3. Masigasig si Kapitan sa pagbibigay impormasyon tungkol sa Covid.

**PAGYAMANIN**

| Mga mabuting kilos na nasaksihan/nakita/naobserbahan na ginagawa ng; | Pangungusap |
|---|---|
| 1. iyong guro | Ang aking guro ay **nagtuturo** sa amin ng mabubuting asal. |
| 2. magulang o kapamilya | Si Nanay ay **nagluluto** palagi ng aking paboritong pagkain. |
| 3. iyong kaibigan | **Binigyan** ako ng regalo ni Cecille noong kaarawan ko. |
| 4. frontliner | **Ginagamot** ng mga doktor ang mga may Covid. |
| 5. isang hinahangaan na tao | Magaling **umawit** si Lea Salonga. |

**SURIIN**

| Pangungusap | Mga Salitang Naglalarawan | Salitang Kilos na Inilalarawan |
|---|---|---|
| 1. Limitadong lumabas ang mga tao. | limitado | lumabas |
| 2. Mahigpit na nagbabantay ang mga pulis sa kalsada. | mahigpit | nagbabantay |
| 3. Masigasig na nagroronda ang mga tanod sa bawat barangay. | masigasig | nagroronda |
| 4. Nagkaroon ng mas mahabang panahon ng pagsasama-sama ang bawat pamilya. | Mas mahabang panahon | Pagsasama-sama |
| 5. Higit sa lahat, palagi na ang pananalangin ng mga tao para labanan ang pandemya. | palagi | pananalangin |

**TUKLASIN**

1. Ang akda ay tungkol sa pandemya na Covid-19
2. Tumigil ang mundo dahil ito ay virus na nagbibigay ng sakit at maaaring ikamatay ng sinumang madapuan nito na mahina ang resistensya at hindi na magawa ang mga dating nakagawian na.
3. Ang new normal ay ang bagong karaniwang paraan ng pamumuhay sa kabila nhg banta ng Covid 19.
4. Limitado ang paglabas ng tao. Pagbabago sa sistema sa transportasyon sa lupa, tubig, at himpapawid; pagpapaliban sa mga gawaing pagsasama-sama gaya ng paglalaro, pamamasyal, paliligo sa beach, at maging ang pagpunta sa mga mall. Limitadong lumalabas ang tao. Maging ang pagpasok sa opisina at mga paaralan ay natigil din. Kailangan pang kumuha ng quarantine pass sa barangay upang makapunta sa palengke at grocery. Mahigpit na nagbabantay ang mga pulis sa kalsada at masigasig na nagroronda ang mga tanod sa bawat barangay.
5. May maganda pa ring dulot ang pagkakataong ito. Dahil dito, nagkaroon ng mas mahabang panahon ng pagsasama-sama ang bawat pamilya. Naging aktibo sa pagtatanim ng mga gulay ang mga tao. Nabigyan ang sariling pagkakataong makapagpahinga at makapag-ehersisyo. Mas nagkaisa sa pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan. Patuloy ang pagkilos ng gobyerno para masugpo ang virus. Higit sa lahat, palagi na ang pananalangin ng mga tao para labanan ang pandemya.

## *Sanggunian*

Calatrava, S., et.al (2015). *Yaman Ng Lahi Wika At Pagbasa Sa Filipino 4*. 1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.

Lalunio, L. at Gil, F. (2010), *Hiyas sa Wika 4*, Ikalawang Edisyon, Quezon City: LG&M Corporation.

Lalunio, Lydia P..at Gil, Francisca R., (2010), *Hiyas sa Wika 4*, Binagong Edisyon. Quezon City: LG&M Corporation.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph